

Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Silangang Mindoro
BAYAN NG ROXAS

TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

SINIPI SA KATITIKAN NG IKA-23 REGULAR NA SESYON NG SANGGUNIANG BAYAN NG ROXAS, SILANGANG MINDORO NA GINANAP NOONG 21 HUNYO 1999, GANAP NA IKA-9:00 NG UMAGA SA BULWAGANG PULUNGAN NG SANGGUNIAN.

Mga Dumalo:

Vice Mayor Gonzalo C. Siñel, Jr.	- Tagapangulo
Konsehal Jesus S. Dela Cruz	
Konsehal Cesar T. Baticos	
Konsehal Ramil O. Dimapilis	
Konsehal Juanito A. Bacay, Jr.	
Konsehal Eduardo K. Soriano	
Konsehal Juan S. Advincula	
Konsehal Angeles D. Bautista	
Konsehal Mae Arlene M. Talens	
Konsehal Eduardo G. Villamin	- Pangulo, Liga ng mga Barangay

Hindi Nakadalo: Konsehal Randy P. Valencia - Pangulo, Liga ng Sangguniang Kabataan


KAPASYAHAN BLG. 050
Taong 1999

KAPASYAHANG MAPITAGANG HUMIHILING SA KGG. RODOLFO G. VALENCIA SA PAMAMAGITAN NI PROVINCIAL ENGINEER ELMER DILAY NA MAGLAAN NG PONDO PARA SA PAGPAPALAPAD NG SAN AQUILINO - ODIONG - PACLASAN BEACH ROAD.

SAPAGKA'T ang daang San Aquilino - Odiong - Paclasan Beach Road ay itinuturing na pangunahing daanan ng lahat ng uri ng sasakyan maliit o malaki man mula sa mga bayan ng Bulalacao at Mansalay sa dakong timog ng lalawigan at mula sa Bongabong o galing Calapan sa mga biyaheng sumasahod sa mga pasahero ng dumaraong na barko sa pantalan ng siyudad na ito;

SAPAGKA'T naging kapuna-puna na sa dami ng mga sasakyang dumaraan dito, naging malimit ang pagkakaroon ng mga aksidenteng pinagbubuwisan ng maraming buhay ng ating mga mamamayan kundi man nasugatan o nasaktan batay na rin sa mga ulat at rekord ng Roxas District Hospital at iba pang pribadong pagamutang pinagdalan sa kanila;

SAPAGKA'T lubhang nakaka-alarma ang ganitong pangyayari para sa kaayusan at kapayapaan ng mga mamamayan na sa pagsusuri at pag-aaral, ang isang dahilan ay ang makipot na daang nabanggit na balakid sa maayos na pagbibiyaheng ng mga sasakyan;

SAPAGKAT ang kakulangang ito ay mapitagang itinutukoy sa kinaauukulang awtoridad, sa Kgg. Gobernador Rodolfo G. Valencia para sa kinakailangang pondo upang mapalapad ang nasabing lansangan.

DAHIL DITO sa mungkahi ni Konsehal Eduardo G. Villamin na sinang-ayunan ng lahat -

IPINASYA, tulad ng pagpapasyang ito na mapitagang hilingin sa Kgg. Gobernador Rodolfo G. Valencia sa pamamagitan ni Engr. Elmer Dilay na maglaan ng pondo para sa pagpapalapad ng San Aquilino — Odiong — Paclasan Beach Road upang maiwasan ang mga aksidenteng dulot ng makikipot na lansangang tulad nito.


IPINASYA RIN na ipadala ang sipi ng kapasyahang ito sa Kgg. Rodolfo G. Valencia, Gobernador ng Silangang Mindoro sa pamamagitan ni Engr. Elmer Dilay, para sa kanilang mahalagang tulong at suporta.

Pinagtibay ng lahat. 21 Hunyo 1999

PINATUTUNAYANG WASTO:


VIOLETA P. FUENTES
Kalihim ng Sanggunian

PINATITIBAYAN:


GONZALO C. SINEL, JR.
Pangalawang Punong Bayan/
Tagapangulo

PINAGTIBAY:


JESUS M. DIMAPILIS
Punong Bayan

mercy/